



Napapasadyang Email sa Mga Guro Talamak na Hindi Pagpasok (Pag-absent) sa California

Mahal na _____,

Bilang isang guro, alam ninyo mismo na ang hindi pagpasok sa paaralan ay nakaka-apekto hindi lang sa absent na mag-aaral, ngunit sa buong classroom.

Ang attendance sa paaralan ay mahalaga sa pagtatagumpay sa pag-aaral, ngunit hindi madalas natatanto ng mga magulang at mag-aaral ay kung gaano kabilis naiipon ang mga absence. Ang hindi pagpasok sa kahit dalawang araw lang sa paaralan kada buwan ay maaaring maghantong sa pagkakahuli ng mga mag-aaral sa elementary school sa pagbabasa, pagsusulat at matematika. Halimbawa, 4 mula sa 5 mga mag-aaral na hind pumasok ng higit sa 10% sa parehong kindergarten at unang baitang ay hindi nakakayanan magbasa ayon sa takdang antas sa pag-abot sa ikatlong baitang. Sa pagsapit ng ika-anim na baitang, ang talamak na hindi pagpasok (o pag-absent) ay isang kritikal na hudyat ng babala na ang mag-aaral ay hindi makakatapos ng high school.

Nitong nakaraang summer, ang Office of the California Attorney General at ang Ad Council ay nagsagawa ng pananaliksik kung ano ang pinakamainam na paraan na maaaring makausap ng mga magulang ang kanilang mga estudyante sa elementary school tungkol sa hindi pagpasok. Ipinapakita sa pananaliksik na ang mga magulang ay may mabuting hangarin at nauunawaan na ang attendance ay mahalaga. Naniniwala sila na ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya para tiyakin na ang kanilang mga anak ay pumapasok sa paaralan, ngunit hindi nila tunay na nasusubaybayan ang mga hindi pagpasok (absences) ng kanilang anak, at pinananatili nila ang kanilang mga anak sa bahay para sa mga dahilan bukod sa sakit. Bilang panghuli, sa palagay ng mga magulang ay hindi naman ito malaking bagay kung hindi makapasok ang bata sa paaralan, lalo na sa elementary school.

Ang mabuting balita ay ipinapakita sa pananaliksik na ang mga magulang ay may tiwala sa mga guro higit sa kahit na sino pagdating sa pakikinig tungkol sa mga hindi pagpasok ng kanilang anak, at bukas sa pagtatanggap ng mas maraming impormasyon nang direkta mula sa mga guro tungkol sa paksang ito. Para mapanatili ang patuloy na pakikipag-usap sa mga magulang, binibigyang diin namin na mahalaga ang bawat isang araw na hindi pagpasok sa paaralan. Heto ang ilang mga dapat ikonsidera ninyo, bilang isang guro:

- **Tukuyin ang mga hindi pagpasok ayon sa buwan, kaysa sa kada taon.** Patuloy na minamaliit ng mga magulang ang mga hindi pagpasok sa paaralan batay sa taon, ngunit mas mabuting mapapakita ang mga hindi pagpasok kung ang mga ito ay ipinapakita ayon sa bawat buwan.
 - **Halimbawa:** *"Ang hindi pagpasok ng 2 araw kada buwan ay masyado marami"* sa halip na *"ang hindi pagpasok ng 10+ araw sa isang taon ay masyado marami."*
- **Bigyang diin ang mga hindi magagandang resulta ng hindi pagpasok, hindi ang mga mabubuting nadudulot ng pagpasok.** Ang mga pag-uusap na nakatuon sa pagpasok ay nagiging dahilan na isipin ng mga magulang ang mga kasalukuyan na nilang ginagawa, hindi kung ano ang kanilang nakakaligtaan.
 - **Halimbawa:** *"Makakasama ang hindi pagpasok ng masyado maraming araw sa halip na "mahalaga ang pagpasok araw-araw."*
- **Ang pagbibigay-diin na walang wastong kapalit sa attendance.** Kung hindi pumasok ang isang bata sa paaralan, maaaring makatulong ang isang pakete ng gawaing bahay o mauwing assignment, pero tiyakin na linawin na ang assignment ay hindi ganap na "pumapalit" sa kanilang hindi pagpasok.
 - **Halimbawa:** *"Tiyakin na natatapos ng estudyante ang mga assignment nito, ngunit kailangan pa rin nating magsikap na maabutan ang mga nakaligtaan sa sandaling nakabalik na siya sa paaralan."*
- **I-ugnay ang mga hindi pagpasok sa elementary school sa mga pagganap sa susunod na antas ng paaralan.** Ang mga binigyan ng survey na magulang ay mas marahil magsasabing ang pagpasok sa high school ay mas mahalaga kaysa sa attendance sa elementary school. Tulungan silang i-ugnay ang koneksyon sa dalawa.
 - **Halimbawa:** *"Ang mga mag-aaral na absent sa elementary school ay nakakaligtaan ang mga pangunahing konsepto na kakailanganin nila sa kanilang mga grades sa hinaharap, kasama na dito ang high school."*
- **Kung maaari, i-ugnay ang hindi pagpasok sa nakaligtaan na oportunidad na matuto ng mga tiyak na kurikulum/paksa sa klase.**
 - **Halimbawa:** *"Kami ay nag-aaral para makilala ang mga numerator at denominator ngayong linggo. Mangyari lang tiyakin na hindi kailanman nakakaligtaan ng inyong anak ang pagpasok sa paaralan dahil ang kaniyang pag-uunawa sa leksyon na ito ay mas maihahanda siya para sa leksyon sa susunod na linggo tungkol sa pag-add ng mga fraction na may common denominators"*
- **Iwasan ang pagbibigay ng mensahe na batay sa mga patakaran ng paaralan** Ang mga magulang ay hindi motivated na mapahusay ang attendance ng kanilang anak sa pamamagitan ng pagbabanta o pagbibigay ng mensahe batay sa mga kautusan ng korte, lalo na mula sa mga guro.

- **Gamitin ang mga text message para sabihin sa mga magulang ang tungkol sa mga hindi pagpasok, bilang isang bahagi ng patuloy at regular na komunikasyon sa pagitan ng paaralan at magulang.** Ang karamihan sa mga magulang ay nagsabing nagtitiwala sila sa mga guro lalo na pagdating sa pagbibigay-alam sa kanila tungkol sa mga hindi pagpasok. Dahil maraming mga magulang ay umaasa sa mga text message nang higit sa anumang uri ng komunikasyon (kasama na ang mga tawag sa telepono at mga email), maaari itong gamitin para makatulong na matatag ang tiwala at regular na komunikasyon sa pagitan ng mga magulang at paaralan. Kung inyong kinokonsidera ang pamamaraan na ito, isaalang-alang ang mga [tip na ito sa pag-text ng mga magulang](#).

Matutong alamin nang higit pa ang isinagawang pananaliksik at para sa impormasyon kung paano makipag-usap sa mga magulang tungkol sa attendance, mangyari lang bumisita sa www.oag.ca.gov/truancy/toolkit.

Salamat sa inyong tulong para gawing napakahusay ng taon ng pasukan na ito sa pamamagitan ng paghihikayat sa lahat ng ating mga mag-aaral na pumasok sa paaralan araw-araw.

Sumasainyo,
